SHS

# Filipino

## PILING LARANG-AKADEMIK

## Modyul 3.2:

## Posisyong Papel



REGION V BICOL

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 11/12**
**Piling Larang-Akademik – Modyul 3.2: Posisyong Papel**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Panrehiyong Direktor: Gilbert T. Sadsad
Kawaksing Panrehiyong Direktor: Jessie L. Amin

REGION V BICOL
For teaching purposes only
Not for sale

**Mga Bumuo ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Allan M. Loterte |
| **Editor:** | Quiruben B. Matriz |
| **Tagasuri:** | Nora J. Laguda |
| **Tagaguhit:** | Jotham D. Balonzo |
| **Tagalapat:** | Rey Antoni S. Malate; Jotham D. Balonzo; Brian Navarro |

Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
0917 178 1288
region5@deped.gov.ph

No. CIP/5327/18/04/1032

# Paunang Salita

Bilang tugon sa makabagong tunguhin sa pagkatuto ay binuo ang serye ng modyul na ito. Nilalaman nito ang mga lubhang mahahalagang kasanayang pampagkatuto o Most Essential Learning Competencies (MELC) sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan ng edukasyon. Upang matugunan ang hamong kinakaharap sa edukasyon, kalusugan at kaligtasan malaking tulong ang modyul na ito sa patuloy na pag-aaral ng kabataan sa loob at labas ng paaralan sa pakikipagtulungan ng mga magulang at tagagabay

Inaasahan na ang modyul na ito ay higit na makatutulong sa paglinang ng kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral.

**Para sa Tagagabay:**

Upang lalong kagiliwan ng mag-aaral at maging kapaki-pakinabang ang modyul na ito, tiyaking makapagbigay ng oryentasyon sa mga mag-aaral, magulang, o sinomang miyembro ng pamilya kung paano gagamitin at iingatan ang modyul na ito.

Ipabatid na kailangang magkaroon ng sariling sagutang papel ang bawat mag-aaral para sa paunang pagsubok, mga gawain sa bawat bahagi at panapos na pagsubok. Kung tapos nang sagutin ang modyul na ito, ipaalala sa mag-aaral na kaagad itong ibalik sa guro para sa kaukulang tunguhin.

For teaching purposes only
Not for sale

**Para sa mag-aaral:**

Inihanda ang modyul na ito para sa iyo. Kailangan mong sundin at saguting mag-isa ang mga gawaing nasa loob nito. Huwag kang mag-alala, kayang-kaya mo ito. Tiniyak kong matutuwa ka habang natututo.



Ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mong susulatan at iwasang mapunit ang mga pahina. Gumamit ka ng sagutang papel o ang iyong kuwaderno. Sige, simulan na natin!

# Posisyong Papel



## Panimula

Ang modyul na ito ay lilinang hindi lamang sa iyong kasanayan sa pag-unawa sa binasa kung hindi maging sa pagkilala at pagsusuri sa katangian ng isang mahusay na posisyong papel.

Nasasabik ka na bang malamang ang mga katangiang taglay ng mahusay na posisyong papel? Kaya dapat mong basahin ang at unawain ang kabuoan ng modyul na ito.

Handa ka na ba, kaibigan? Kung gayon, halika na…simulan na natin.

---

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan na **nakikilala mo ang mga katangian ng mahusay na posisyong papel sa pamamagitan ng binasang halimbawa.**



## Layunin

Not for sale



**Talasalitaan**

*Bigyang pansin mo ang kahulugan ng sumusunod na salita at/o parirala para lubusan mong maunawaan ang mga ito batay sa konteksto ng aralin.*

**Basahin at unawain mo ang sumusunod na salita at/o parirala.**

- ***Akademikong Sulatin*.** Isang sulating nakabatay sa isang tiyak na disiplina o larangan na maaaring interdisiplinari o multidisiplinari mula sa disiplinang siyentipiko, pilosopikal, agham, humanistiko at iba pa (Villanueva, 2016).

- ***Counterargument*.** Pahayag na tumututol o kumokontra sa tesis na pahayag (Julian at Lontoc, 2017).

- ***Pagsulat*.** Isang gawaing nag-uugat mula sa pagtatamo ng kasanayan (skill-getting) hanggang sa ang mga kasanayang ito ay aktuwal na magamit (ni Rivers sa Badayos, 2008).

- ***Pangangatwiran*.** Uri ng pagpapahayag na may layuning hikayatin ang mambabasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga ebidensiyang nakabatay sa lohika at mga patunay (Dayag at Del Rosario, 2017).

- ***Posisyong papel*.** Ito ay pagsalig o pagsuporta sa katotohanan ng isang kontrobersiyal na isyu sa pamamagitan ng pagbuo ng isang kaso o usapin para sa iyong pananaw o posisyon (ni Fleming sa Julian at Lontoc, 2017)

- ***Tesis na pahayag*.** Isang matibay na pahayag na naglalahad ng pinapanigang posisyon hinggil sa paksa na nais patunayan sa pamamagitan ng pangangalap ng mga datos o ebidensiya ( ni Zafra sa Julian at Lontoc, 2017)

For teaching purposes only
Not for sale



*Ano ba ang alam mo na sa ating aralin, subukin mo nga?*

## Panimulang Gawain

Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ang sumusunod na sulatin ay nagpapahayag ng pangangatwiran at ekis (x) kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

_____1. abstrak

_____2. balagtasan

_____3. debate

_____4. posisyong papel

_____5. talumpati


REGION V BICOL

For teaching purposes only

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa pahina 15 ang wastong sagot sa mga tanong.
Saang antas ka nabibilang?

- 5 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
- 3-4 tamang Sagot – MAGALING
- 1-2 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
- 0 tamang sagot – KAYA MO YAN






## Mga Gawain sa Pagkatuto

*Basahin mo ang kasunod na mahahalagang impormasyon upang higit na maunawaan ang aralin.*

### *Ano ang posisyong papel?*

Ayon kay Fleming banggit nina Julian at Lontoc (2017), ito ay ang pagsalig o pagsuporta sa katotohanan ng isang kontrobersiyal na isyu sa pamamagitan ng pagbuo ng isang kaso o usapin para sa iyong pananaw o posisyon.

Layunin nitong mahikayat ang maipakita at mapagtibay ang argumentong ipinaglalaban gamit ang mga ebidensiyang magpapatotoo sa posisyong pinaniniwalaan.

Narito ang mga dapat isaalang-alang para sa isang mabisang pangangatwiran:

1. Alamin at unawain ang paksang ipagmamatuwid.
2. Dapat maging malinaw at tiyak ang pagmamatuwid.
3. Sapat na katuwiran at katibayang makapagpapatunay.
4. Dapat ay may kaugnayan sa paksa ang katibayan at katuwiran upang makapanghikayat.
5. Pairalin ang pagsasaalang-alang, katarungan at bukas na kaisipan sa pagpapahayag ng kaalamang ilalahad.
6. Tiyaking mapagkakatiwalaan ang mga inilahad na katuwiran.

For teaching purposes only
Not for sale

### *Ano-ano ang mga bahagi ng posisyong papel?*

Ang isang mahusay na posisyong papel ay nagtataglay ng sumusunod na bahagi:

1. Panimula
2. Paglalahad ng Counterargument o mga Argumentong Tumututol o Kumokontra sa Iyong Tesis
3. Paglalahad ng Iyong Posisyon o Pangangatwiran Tungkol sa Isyu
4. Kongklusyon

### *Ano-ano ang mga katangian upang masabi na mahusay ang isang posisyong papel?*

Sa pagsulat ng bawat bahagi ng posisyong papel, mahalagang taglayin ang mga sumusunod na katangian:

***Ipagpatuloy mo ang***
***Iyong pagbabasa ng aralin.***



### *1. Panimula*

Sa pagsulat ng panimula, mahalagang maunawaang ito ay may dalawang layunin. Una, upang ipakilala ang paksa at ang tesis at pangalawa, upang maantig ang interes ng mga babasa nito.

a. Naglalahad ng paksa.

b. Nagbibigay ng maikling paunang paliwanag tungkol sa paksa at kung bakit mahalaga itong pag-usapan.

c. Nagpapakilala ng tesis ng posisyong papel o ang iyong *stand* o posisyon tungkol sa isyu.

### *2. Paglalahad ng Counterargument o mga Argumentong Tumututol o Kumokontra sa Iyong Tesis*

a. Naglalahad ng mga argumentong tungkol sa tesis.

b. Naglalahad ng mga kinakailangang impormasyon para mapasubalian ang binabanggit na counterargument.

c. Nagpapatunay na mali o walang katotohanan ang mga counterargument na inilahad.

d. Nagbibigay ng mga patunay para mapagtibay ang iyong ginawang panunuligsa.

REGION V BICOL

### *3. Paglalahad ng Iyong Posisyon o Pangangatwiran Tungkol sa Isyu*

For teaching purposes only
Not for sale

a. Nagpapahayag o naglalahad ng unang punto ng iyong posisyon o paliwanag.

b. Nagpapahayag o naglalahad ng ikalawang punto ng iyong posisyon o paliwanag.

c. Nagpapahayag o naglalahad ng ikatlong punto ng iyong posisyon o paliwanag.

### *4. Kongklusyon*


a. Naglalahad muli ng argumento o tesis.

b. Nagbibigay ng mga plano ng gawain o plan of action na makatutulong sa pagpapabuti ng kaso o isyu.

**Simulan mo na ang iba't ibang gawain.**

---

## Pagsasanay 1



**Pangkalahatang Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na teksto (halimbawa ng mga bahagi ng posisyong papel) na isinumite ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED). Pagkatapos, suriin ang mga katangiang dapat taglayin ng isang mahusay na posisyong papel at sagutin ang mga pagsasanay hinggil dito.

# Teksto 1

Hinggil sa Pagtatanggal ng Filipino
sa mga Kolehiyo at Unibersidad

PANATILIHIN ANG ASIGNATURANG FILIPINO SA KOLEHIYO: HUWAG PATAYIN ANG PAMBANSANG KARAPATAN NG WIKANG FILIPINO, MGA GURO NG FILIPINO, KABATAANG PILIPINO AT MAMAMAYANG PILIPINO

Posiyong Papel na nauukol sa CHED Memorandum Order No. 20 Series of 2013

Paninindigan ng Kagawaran ng ng Filipinolohiya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP), Samahan ng mga Dalubguro sa Filipino (SADAFIL), Samahan ng mga Batang Edukador ng Wikang Filipino at mga Sining sa Pilipinas, PUP Sentro ng Malikhaing Pagsulat at PUP Ugnayan ng Talino at Kagalingan.

Peligrosong hakbang ang ginawa ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) nang alisin ang asignaturang Filipino sa inilabas nilang Memorandum Order Blg. 20 na may petsang Hunyo 28 serye 2013. Bagaman sinasabi ng komisyong nabanggit na maaaring maituro sa Ingles o Filipino ang mga asignaturang binabalangkas nila, bilang halimbawa ay ang *Purposive Communication* na nakapaloob sa nilikha nilang bagong kurikulum, nababatid namin na pag-aagawan pa ito ng napakaraming guro sa Filipino at Ingles sa mga kolehiyo at unibersidad at magdudulot pa ito ng hindi pagkakaunawaan, pagtatalo at ang masaklap pa'y aangkinin lamang ito ng mga Departamento ng Ingles sa mga unibersidad at kolehiyong mabuway ang Filipino dahil halata namang nakakiling ang *Purposive Communication* sa wikang Ingles.

*CL Santos at GP Concepcion,Filipino sa Piling Larang Akademik. Pasig City: Department of Education – Bureau of Learning Resources, 2016, 64 – 67.*

Gabay na Tanong:


1. Tungkol saan ang teksto?
2. Ano ang posisyon ng may-akda? Magbigay ng patunay.

**Pagsasanay 1**

Panuto: Batay sa iyong pagsusuri sa binasa, lagyan ng tsek (√) ang patllang kung nakapaloob sa teksto ang sumusunod na katangian ng mahusay na posisyong papel at ekis (x) kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

______1. Nagpapakilala ng tesis ng posisyong papel o ang iyong *stand* o posisyon tungkol sa isyu
______2. Naglalahad ng mga argumentong tungkol sa tesis
______3. Nagbibigay ng maikling paunang paliwanag tungkol sa paksa at kung bakit mahalaga itong pag-usapan
______4. Nagbibigay ng mga patunay para mapagtibay ang iyong ginawang panunuligsa
______5. Naglalahad ng paksa

| |
|---|
| Kamusta ang unang pagsasanay? ☐ MADALI ba o ☐ MAHIRAP?<br>Tingnan ang sagot sa pahina 15.<br>Nakuha mo bang lahat ng wastong sagot sa pagsasanay 1?<br>Kung nakuha mo nang **lahat,** ikaw ay ***MAHUSAY!***<br>Maaari mo nang gawin ang Pagsasanay 2.<br>Kung **mababa sa 3**, balikan mong muli ang hindi mo nakuha at ***pag-aralang muli*** at pagkatapos, magpatuloy na sa pagsasanay 2. |




**Dahil madali mo lang nasagutan ang unang pagsasanay, ipagpatuloy mong basahin ang kasunod na teksto at sagutin ang gawain hinggil dito.**

For teaching purposes only
Not for sale

## Teksto 2

| |
|---|
| Sa hakbang na ito, tila unti-unting nilulusaw ang mga natatag na Kagawaran/Departamento ng Filipino sa mga kolehiyo at unibersidad sa Pilipinas. Higit pa rito, maraming guro sa Filipino partikular na sa PUP ang mawawalan ng trabaho at mababawasan ng kita.<br><br>Hindi pumapayag ang Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP na mangyari ang mga bagay na ito. Sapagkat malinaw na isinasaad sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas Artikulo XIV, itinakda ang Filipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas. Kung susuriing mabuti ang CHED Memorandum, malinaw na lihis sa hangarin at konteksto ng Pangkalahatang Edukasyon ang pagtatanggal ng asignaturang Filipino dahil nakasaad sa pahina apat (4) ng memorandum ang ganito: *"General education enables the Filipino to find and locate her/himself in the community and the world, take pride in and hopefully assert his/her identity and sense of community and nationhood amid the forces of globalization.* |

*As life becomes more complex, the necessity of appreciating the gifts of nature and addressing social problems in the general education program increasingly become more pressing."* Hindi ba't ang asignaturang Filipino ang pangunahing tiyak na tutugon sa hangarin at kontekstong isinasaad? Sapagkat ang mga asignaturang Filipino ay nakatuon sa pagtuklas at inobatibong pag-aaral hinggil sa kalinangang Pilipino (wika, kultura at kabihasnan), nasa Filipino ang identidad ng mamamayan sa bansang Pilipinas, nasa Pilipino ang diwang makabansa na makatutugon sa mga kahingiang panlipunan at makatutulong sa pangangailangan ng mamamayang Pilipino, at makapag-ambag ng kalinangan at karunungan sa daigdig. Hindi ito simpleng maibibigay lamang ng mga asignaturang tila pira-pirasong kinopya sa dayuhang kaisipan na pilit binibigyan ng malaking puwang na kung tutuusi'y hindi naman makatuwiran.

*CL Santos at GP Concepcion,Filipino sa Piling Larang Akademik. Pasig City: Department of Education – Bureau of Learning Resources, 2016, 64 – 67.*

Gabay na Tanong:

1. Ano-anong argumentong tumututol ang inilahad sa teksto?
2. Magbigay ng patunay hinggil sa inilahad na argumento.

**Pagsasanay 2**

Panuto: Punan ang talahanayan sa ibaba ng hinihinging impormasyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| **Bahagi ng Posisyong Papel** | **Katangiang Dapat Taglayin** | **Halimbawa** |
|---|---|---|
| | | |


REGION V BICOL
For teaching purposes only
Not for sale

Ang galing-galing mo! Natapos mo ang Pagsasanay 2.

Saang pagsasanay ka nahirapan? ☐ Pagsasanay 1 ☐ Pagsasanay 2

Gayunpaman binabati kita sa iyong tagumpay.

**Balikan ang mga natutuhan sa naunang mga gawain at ipagpatuloy mong basahin ang kasunod na teksto upang masagutan ang sumusunod na pagsasanay.**




## Teksto 3

Sa pangunguna ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) na tinaguriang "largest state university in the country" na binubuo ng humigit kumulang 70,000 na mga mag-aaral na nagmula sa iba't ibang panig ng bansa katuwang ang iba pang mga organisasyon ay matatag na naninindigan na panatilihin ang Filipino bilang asignatura ng Kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon sa kolehiyo.

Sa halip na alisin, hindi ba't nararapat na lalo pang patatagin ang disiplinang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo sa pamamagitan ng mga asignaturang Filipino na magiging pundasyon nito. Hindi ba't paurong na hakbang ng Pilipinas nang alisin ang asignaturang Filipino ng *technical panel* ng pangkalahatang edukasyon ng CHED na binuo lamang ng iilang mga tao na walang malinaw na konsultasyong isinagawa. Samantalang sa maraming unibersidad sa labas ng ating bansa ay pinatatatag ang disiplinang Filipino gaya sa University of Hawaii at University of Michigan sa U.S.A., Osaka University at Tokyo University sa Japan, St. Petersburg University at University of Moscow sa Russia.

Ang Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas sa pangunguna ng Kagawaran ng Filipinolohiya nito ay patuloy na nagsusulong ng kalinangang pangwika, panliteratura, pangkultura at pansining sa pamamagitan ng mga pananaliksik at pagdaraos ng mga kumperensiya at talakayan sa wikang Filipino sa iba't ibang larangan. Taong 2013, nang hirangin ng CHED ang PUP Kagawaran ng Filipinolohiya bilang Sentro ng Pagpapahusay ng Programang Filipino, bago pa ito, natamo na nito mula sa Accrediting Agency of Chartered Colleges and Universities in the Philippines (ACCUP) ang pinakamataas na akreditasyon (Antas 3) at kasalukuyang nakasalang sa internasyonalisasyon ang programang AB Filipinolohiya na inihahain nito. Ginawaran na rin ito ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng Gawad Sagisag Quezon sa pagpapaunlad ng wikang Filipino. Bukod pa rito, ang mga batikang manunulat sa Filipino at de-kalibreng guro sa Filipino sa bansa ay kabilang sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP. Ngunit, ang lakas at pagsisikap ng mga Departamento / Kagawaran ng Filipino gaya ng PUP ay mawawalan ng kabuluhan kung sa bagong kurikulum na binalangkas ng CHED para sa kolehiyo ay tinanggalan ng kongkreto at malinaw na puwang ang disiplinang Filipino. Manghihina at malulusaw ang wikang Filipino kung hindi tuloy-tuloy ang paglinang nito hanggang sa kolehiyo. Sa ganitong punto, muli't muli naming igigiit ang karapatan ng wikang Filipino bilang wikang pambansa na nakasaad sa Konstitusyon ng Pilipinas.

*CL Santos at GP Concepcion,Filipino sa Piling Larang Akademik. Pasig City: Department of Education – Bureau of Learning Resources, 2016, 64 – 67.*

# Teksto 4

Pangunahing gawain ng PUP Kagawarang Filipinolohiya ay ang pagpapaunlad at pagpapaigting ng puwersa para huwag isantabi at tuluyang mapanatili ang Filipino sa kolehiyo. Bilang hakbang, magsasagawa ito ng Pambansang Talakayan Ukol sa mga Pananaliksik Pangwika, Pangkultura at Pansining sa Wikang Filipino na may temang, "Mga Mananaliksik Bilang Pagtutol sa Pag-alis ng Asignaturang Filipino sa Kolehiyo at ang Magiging Kalagayan ng mga Guro sa Filipino sa Hamon ng Programang K-12" kasabay ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa Agosto 28 – 30, 2014 sa suporta ng Pambansang Komisyon para Kultura at mga Sining (NCCA) na kasasangkutan ng mga guro, mga mag-aaral at mga mamamayang nagsusulong ng Filipino.

Kikilos at kikilos ang PUP upang ipagtanggol ang wikang Filipino. Maghahain ito ng mga mungkahing asignaturang Filipino sa pakikipag-ugnayan na rin ng iba't ibang mga unibersidad at kolehiyo na maaaring tumugon sa mga inalis na asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Kung hindi pa magbabago ang ihip ng hangin, at hindi pa rin matitiyak ng CHED ang malinaw na puwang ng asignaturang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo hanggang sa Agosto, tiyak na gagawa ng malaking hakbang ang pinakamalaking pang-estadong unibersidad sa bansa sa pangunguna ng Kagawaran ng Filipinolohiya nito para mapanatili ang asignaturang Filipino sa kurikulum ng kolehiyo.

Umiiral sa realidad sa Pilipinas na ang Filipino ay wikang panlahat. Nariyan ito, umiiral at ginagamit sa araw-araw na pakikipagtalastasan ng mga Pilipino. Mga Pilipino ang kusang tumanggap nito bilang wikang pambansa at naging katangi-tangi ang tatag nito dahil ito ang identidad ng lipunang Pilipino. Mahalaga ang pagpapaunlad nito sa bawat Pilipino, kaya kung ihihiwalay sa mga mag-aaral ng kolehiyo sa Pilipinas ang patuloy na pag-aaral ng wikang Filipino, tinanggal natin ang identidad natin bilang Pilipino. Dahil kung ano ang wika mo, iyon ang identidad mo!

Pinagtibay ngayong Hunyo 19, 2014

*CL Santos at GP Concepcion,Filipino sa Piling Larang Akademik. Pasig City: Department of Education – Bureau of Learning Resources, 2016, 64 – 67.*

Mga Gabay na Tanong:

1. Ano-ano ang mga inilahad na punto tungkol sa isyu? Ipaliwanag.
2. Bakit mahalagang panatilihin ang asignaturang Filipino sa antas kolehiyo?
3. Magbigay ng mga plano ng gawain na makatutulong sa pagpapabuti ng isyu?
4. Kung ikaw ang tatanungin, sang-ayon ka ba sa pagtanggal ng asignaturang Filipino sa antas kolehiyo? Pangatuwiranan.

**Pagsasanay 3**

Panuto: Batay sa binasang teksto, suriin at kilalanin kung taglay ba nito ang katangian ng isang mahusay na bahagi ng posisyong papel. Gayahin ang pormat sa ibaba at gawin ito sa sagutang papel.

**Teksto 3**

**Bahagi ng Posisyong Papel**

______________________________

**Pagsusuri:**

______________________________

**Teksto 4**

**Bahagi ng Posisyong Papel**

______________________________

**Pagsusuri:**

______________________________

For teaching purposes only
Not for sale

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina 16. Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

⬭ ☹ ⬭ ☺ ⬭ 😐





**Ang bahaging ito ng modyul ay susukat sa mga natutuhan mo sa loob ng aralin. Huwag kang matakot dahil alam kong kayang-kaya mo ito. Huling pagsubok na lamang ito na kailangan mong sagutin.**

## Panapos na Pagsubok

**Panuto:** Balikan ang binasang halimbawa ng posisyong papel at sagutin ang talahanayan sa ibaba. Sa unang hanay, isulat ang tiyak na halimbawa ng bawat bahagi nito sa isang pangungusap lamang. Lagyan ng tsek (√) ang mukhang masaya kung maayos na nasunod nito ang katangiang dapat taglayin nito at lagyan naman ng tsek (√) ang mukhang malungkot kung hindi. Pagkatapos, isulat sa huling hanay ang iyong puna o reaksiyon sa pagkakabuo ng bawat bahagi ng posisyong papel.

| ***Bahagi ng Posisyong Papel*** | ☺ | ☹ | ***Puna / Reaksiyon*** |
|---|---|---|---|
| Panimula | | | |
| Paglalahad ng Counterargument | | | |
| Paglalahad ng Posisyon | | | |
| Kongklusyon | | | |

REGION V BICOL
For teaching purposes only
Not for sale

Yehey!

Malapit mo nang matapos ang araling ito. Iwasto ang iyong mga sagot sa pahina 17.


Ilang bituin kaya ang iyong matatanggap? Suriin sa ibaba.

☆☆☆☆☆ nagawa lahat

☆☆☆☆ 1 hindi nagawa

☆☆☆ 2 hindi nagawa

☆☆ 3 pataas hindi nagawa





*Ang ganda ng aralin natin.*

*Ang dami kong natutuhan.*

*Na-enjoy ko rin ang mga gawain at pagsasanay.*

*Hindi rin ako nahirapan sa mga pagsasanay. Kaya parang gusto ko pa ng karagdagang gawain.*

*Tara magtulungan tayo!*

For teaching purposes only
Not for sale

*Upang ikaw ay maging isang dalubhasa rin...*

*Tuloy ka pa sa susunod na gawain...!*

*Pagsulat ay iyong gawin....*

## Karagdagang Gawain

Magsaliksik ng isang halimbawa ng napapanahong posisyong papel. Suriin ito bilang paghahanda sa isang posisyong papel na iyong gagawin sa huling bahagi ng araling ito. Gamitin ang balangkas na *Read, About, Point and Summary (RAPS)* sa gawaing ito.

***(Read)*** *Pamagat ng Nabasang Posisyong Papel*

***(About)*** *Tungkol Saan ang Posisyong Papel*


***(Point 1)*** *Punto 1*


***(Point 2)*** *Punto 2*

***(Summary)*** *Buod ng Binasang Posisyong Papel*

Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin. Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.

***Binabati kita!***





## Susi sa Pagwawasto

**Panimulang Pagsusulit**

1. x
2. √
3. √
4. √
5. √

**Pagsasanay 1**

1. √
2. x
3. √
4. x
5. √

**Pagsasanay 2**

| Bahagi ng Posisyong Papel | Katangiang Dapat Taglayin | Halimbawa |
|---|---|---|
| ▪ Paglalahad ng Argumentong Tumututol | ▪ Naglalahad ng mga argumentong tungkol sa tesis.<br>▪ Nagpapahayag o naglalahad ng mahahalagang punto ng iyong posisyon o paliwanag. | ▪ *Sa hakbang na ito ng CHED, unti-unting nilulusaw ang mga naitatag na Kagawaran ng Filipino sa mga kolehiyo at unibersidad ng Pilipinas, mawawalan din ng trabaho at mababawasan ang kita ng mga guro ng Filipino.* |

For teaching purposes only
Not for sale

**Pagsasanay 3**

**Teksto 3**

Paglalahad ng Iyong Posisyon o Pangangatwiran Tungkol sa Isyu

**Pagsusuri:**

Sa bahaging ito, ipinapahayag ang iba't ibang mahahalagang punto kaugnay ng pinaniniwalaang posisyon. Bawat punto ay may mga patunay o ebidensiyang hinango sa mga otoridad o anomang mapagkakatiwalaang sanggunian. Maayos na nailahad ang posisyon o pangangatwiran tungkol sa isyung pinag-uusapan.

**Teksto 4**

Kongklusyon

**Pagsusuri:**

Sa bahaging ito, muling inilalahad ang iyong argumento o tesis at ang pagbibigay ng plano ng gawain upang makatutulong sa pagpapabuti ng isyung pinag-uusapan. Maayos na nagakapagbigay ng pamamaraan upang matugunan ang umiiral na isyu.

## Pangwakas na Pagsubok

***Paalala:*** *Ang mga ibinigay na sagot sa pangwakas na pagsusulit ay ilan lamang sa mga posibleng sagot. Maaaring ipawasto ang iyong sagot sa guro.*

| ***Bahagi ng Posisyong Papel*** | ☺ | ☹ | ***Puna / Reaksiyon*** |
|---|---|---|---|
| ***I. Panimula***<br>** Mariing pagtutol ng Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP hinggil sa pagtanggal ng asignaturang Filipino alinsunod sa CHED Memorandum No. 20, s. 2013.* | √ | | ▪ *May malinaw na paglalahad ng paksa, pagpapaliwanag at pagpapakilala ng posisyon tungkol sa isyu.* |
| ***II. Paglalahad ng Counterargument***<br>** Sa hakbang na ito ng CHED, unti-unting nilulusaw ang mga naitatag na Kagawaran ng Filipino sa mga kolehiyo at unibersidad ng Pilipinas, mawawalan din ng trabaho at mababawasan ang kita ng mga guro ng Filipino.* | √ | | ▪ *May mga mapananaligang mga batayan upang mapasubalian ang inilahad na argumentong tumututol.* |
| ***III. Paglalahad ng Posisyon***<br>** Paninindigan na panatilihin ang Filipino bilang asignatura sa kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon sa kolehiyo dahi ito ay nakapaloob sa 1987 Konstitusyon, taliwas sa hangarin ng Pangkalahatang Edukasyon at ito ang nagsisilbing identidad ng mamamayang Pilipino.* | √ | | ▪ *Maayos na nailahad ang posisyon at may sapat na mga patunay o ebidensiya hango sa mapagkakatiwalaang mga sanggunian.* |
| ***IV. Kongklusyon***<br>** Bilang tugon sa isyung ito, magsasagawa ng mga kumperensiya, pananaliksik at maghahain ng mga mungkahing asignaturang Filipino sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kolehiyo at unibersidad.* | √ | | ▪ *May mahusay na nabuong plano o gawain na makatutulong sa pagpapabuti ng isyu.* |

For teaching purposes only
Not for sale

## Talasanggunian


Bernales, R. et al. (2002). *Mabisang Retorika sa Wikang Filipino*. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.

Dayag, A.M. at Del Rosario, M.G. (2017). *Pinagyamang Pluma Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tingo sa Pananaliksik*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Jocson, M. et al. (2005). *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Quezon City: Lorimar Publishing Co., Inc.

Julian, A.B. at Lontoc, N.S. (2017). *Pinagyamang Pluma Filipino sa Piling Larang*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Santos, C.L. at Concepcion G.P. (2016). *Filipino sa Piling Larang. Kagamitan ng Mag-aaral*. Department of Education – Bureau of Learning Resources.

Villanueva, V. (Marso 6 – 9, 2016). Papel na Binasa mula sa Panayam sa SHS Faci Camp. Pamantasang Normal ng Pilipinas, Metro Manila.



REGION V BICOL

For teaching purposes only
Not for sale

DEPARTMENT OF EDUCATION
REGION V BICOL

For teaching purposes only
Not for sale

**Para sa iba pang tanong at puna, maaaring sumulat o tumawag sa:**

Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon V

Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Mobile Phone: 0917 178 1288

Email Address: region5@deped.gov.ph